# SISTEMA NG EDUKASYON SA PILIPINAS: ISANG PAGSUSURI

*by:*
**Rosemarie B. Mangalindan**
*Orani National High School-Parang-Parang*

Ang edukasyon ay isa sa pinakamahalagang pundasyon ng isang bansa. Simula pa sa ating mga ninuno, ito ay pinaniniwalaang susi sa isang matagumapay at at maunlad na buhay hindi lamang ng isang indibidwal kundi ng buong Lipunan. Ngunit, sa kabila nito, ang Sistema ng edukasyon ang isa sa mga sektor na higit na nangangailangan ng reporma at pa-aayos. Ito ay humaharap sa samu't saring pagsubok at hamon na sumusubok sa kalidad at abot-kayang edukasyon para sa mga mamamayang Pilipino (Department of Education [DepEd], 2025a). Sa artikulong ito, tatalakayin ang masusing pagsusuri ngkasalukuyang kalagayan ng sektor ng edukasyon sa bansa at ang mga programang o reporma na maaaring ipatupad upang makamit ang de-kalidad at inklusibong edukasyon para sa mga Pilipino.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Mayroong tatlong antas ang sektor ng edukasyon sa Pilipinas: Pangunahing Edukasyon (Basic Education), Tersyaryang Edukasyon (Higher Education), at Alternative Learning System (ALS). Sa ilalim ng Pangunahing Edukasyon naroon ang Kindergarten, Elementarya (mula grade 1 hanggang 6), Junior High School (Grade 7 hanggang 10), at Senior High School (Grade 11 at 12). Sa programang K-12 na naipatupad noong 2012, naming mandatory ang labing-dalawang (12) taong pag-aaral bago makapasok sa kolehiyo ang isang mag-aaral. Layunin ng program ang masigurado ang kahandaan ng mga kabataang Pilipino hindi lamang para sa Tersyaryang antas kung hind isa praktikal na aplikasyon kung sakaling hindi sila tutuloy sa kolehiyo (DepEd, 2025a). Matapos ang Senior High School mayroong opsyon ang mga mag-aaral na magpatuloy sa mas mataas na antas ng pag-aaral o kolehiyo, unibersidad, o technical-vocational institutions na

pinangangasiwaan ng Commission on Higher Education (CHED) at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) (CHED, 2025; TESDA, 2025). Para naman sa mga out-of-school youths o mga Kabataan na walang kakayahang pumasok sa regular na paaralan o mga adults na nais magpatuloy ng pag-aaral, mayroong tinatawag na Alternative Learning System (ALS) na maaaring magbigay ng sertipikasyon na katumbas ng promal na edukasyon (DepEd, 2025b).

Ang tatlong pangunahing ahensya na nakakasaklaw sa sektor ng edukasyon ay ang Department of Education (DepEd), na nakakasakop sa kindergarten hanggang Grade 12, Commission on Higher Education (CHED), naman sa kolehiyo at mga unibersidad, at ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) na nakatuon sa technical-vocational education at training (DepEd, 2025a; CHED, 2025; TESDA, 2025). Ang pagkakaroon ng malinaw na dibisyon ng tungkulin ng mga ahensyang ito ay mahalaga upang matutukan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa bawat antas ng edukasyon.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa usapang reporma, ang isa sa pinakamalaking galaw sa sektor ng edukasyon ay ang pagkakapasa at pagkakapatupad ng K-12. Bago ang programa, ang basic education sa Pilipinas ay mayroon lamang sampung (10) taon, mula grde 1 hanggang 4th year High School. Ang layon ng karagdagang 2 taon ay ang matiyak na ang mga mag-aaral ay "globally competitive" at may malawak na kasanayan at kaalaman (DepEd, 2025a). Sumunod naman ang universal Access to Quality Tertiary Education Act na nilagdaan noong 2017. Ang batas ay naglalayong gawing libre ang matrikula at iba pang bayarin sa mga State Universities and Colleges o SUCs. Ang hakbang na ito ay sinagawa upang mabigyan ng pagkakataon ang mas maraming estudyanteng Pilipino ng pagkakataong tumungtong sa kolehiyo, lalung-lalo na ang mga nasa laylayang ng Lipunan (CHED 2025).

Noong 2023, inilunsad ng DepEd ang Matatag Curriculum na layuning gawing mas simple, makabayan, at makabuluhan ang curriculum. Binawasan ang learning areas mula

pito naging lima, at pinalakas ang pagtuturo ng Filipino identity at nationalism. Layunin nitong tugunan ang mga isyung lumitaw sa implementasyon ng K-12, gaya ng sobrang dami ng aralin at kakulangan sa mastery ng mga mag-aaral. Ipinatupad ito simula 2024 sa Kinder at Grades 1–10 (DepEd, 2025a).

Gayunpaman, sa kabila ng mga repormang ito, nananatili ang mga suliranin at hamon sa sektor ng edukasyon. Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang hindi pantay na kalidad at oportunidad ng edukasyon. Malaki ang agwat ng kalidad ng edukasyon sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap, at sa pagitan ng mga lungsod at probinsya. Kadalasang kulang sa silid-aralan, guro, at kagamitan ang mga pampublikong paaralan sa liblib na lugar. Marami ring guro ang may mabigat na teaching load at kulang sa training at suporta (Manila Bulletin, 2025).

Lubos ding naapektuhan ng COVID-19 pandemic ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Mula sa face-to-face classes, napilitan ang karamihan sa online at modular learning. Maraming estudyante ang walang sapat na kagamitan gaya ng computer, tablet, o kahit internet access. Ayon sa World Bank (2021), siyam sa sampung batang Pilipino na may edad 10 ay hindi marunong bumasa noong ipinatupad ang online classes. Ito ay tinaguriang “learning poverty” at nagpapakita ng malalim na krisis sa edukasyon. Dagdag pa rito, ayon sa resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA) 2018, nasa huling ranggo ang Pilipinas sa pagbasa sa 79 na bansa (Organization for Economic Co-operation and Development [OECD], 2019). Ipinapakita nito ang pangangailangan ng mas epektibong pagtuturo, masusing pagsasanay ng mga guro, at mas malawak na suporta sa mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bukod sa mga nabanggit, may iba pang hamon tulad ng mababang sahod ng mga guro, kakulangan sa pondo ng mga pampublikong paaralan, at patuloy na paglobo ng populasyon ng mag-aaral. Ang mga isyung ito ay nangangailangan ng agarang solusyon at kolaborasyon ng pamahalaan, pribadong sektor, at ng buong lipunan. Mahalaga ring

bigyan ng pansin ang mental health ng mga mag-aaral at guro, lalo na sa panahon ng pandemya at makabagong hamon ng edukasyon (Senate of the Philippines, 2025).

Sa kabila ng lahat ng ito, nananatiling mahalaga ang edukasyon bilang tulay tungo sa mas maginhawang buhay para sa bawat Pilipino. Ang patuloy na suporta ng pamahalaan sa pamamagitan ng pondo, reporma, at mga programa ay mahalaga upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon. Gayundin, dapat hikayatin ang partisipasyon ng pribadong sektor, mga magulang, at komunidad upang sama-samang tugunan ang mga hamon ng sistema ng edukasyon. Sa huli, ang edukasyon ay hindi lamang tungkol sa pagkatuto ng akademikong kaalaman, kundi pati na rin sa paghubog ng mabubuting mamamayan na may malasakit sa bayan at handang makipagsabayan sa pandaigdigang hamon. Ang pag-unlad ng sistema ng edukasyon ay pag-unlad din ng bansa, kaya't nararapat lamang na ito ay bigyan ng pinakamataas na prayoridad (DepEd, 2025a; Manila Bulletin, 2025).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Commission on Higher Education. (2025). CHED programs and policies. https://ched.gov.ph

Department of Education. (2025a). Brightening the future of Philippine education. https://www.deped.gov.ph

Department of Education. (2025b). DepEd order no. 012, s. 2025: Institutionalizing the alternative learning system. https://www.deped.gov.ph

Manila Bulletin. (2025). Why the Philippine education system needs urgent 'fixing'. Manila Bulletin. https://mb.com.ph

Organization for Economic Co-operation and Development. (2019). PISA 2018 results (Volume I): What students know and can do. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/5f07c754-en

Senate of the Philippines. (2025). Cayetano: Fix education system now or face the same problems in the future [Press release]. https://www.senate.gov.ph

TESDA. (2025). Technical education and skills development programs. https://tesda.gov.ph

World Bank. (2021). Learning poverty in the Philippines: Impact of COVID-19 on education. https://www.worldbank.org

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan